**TITLE:** THE EXALTED SON! ANG KATAAS TAASANG ANAK!
**TEXT:** John 1:1-54, others as specified
**DATE:** January 2, 2022 [New Year's Celebration]
**BIG IDEA:** Jesus, the Exalted Son, is the Eternal Word and through Him all things come forth! Si Hesus na kataas taasang Anak ay ang walang hanggang Salita at sa Kanya nanggagaling ang lahat ng bagay.

**INTRO:**

- 2022 is the year where God is calling us to proclaim with our mouths! After the silence, the new year contains lessons for us on what to say and what to speak. Ang 2022 ang taon kung kailan tayo ay tinatawag ng Diyos upang magproklama sa pamamagitan ng ating mga bibig.
- **2022: The Year Of The Exalted Son!**
- The Gregorian year 2022 has a counterpart in Hebrew year 5782. Sa kalendaryo na Gregorian, ang taong 2022 ay katumbas ng taong 5782 sa Hebreo.
- The year 5782 is symbolized by letters for 82: *Pey* [80] and *Bet* [2] Ang taong 5782 ay sinisimbolo ng titik na Pey at Bet.
- *Bet*, the second letter, represents the Son [Bet means son]. The whole of the Bible and even creation itself comes out from the letter *Bet* [John 1:1-3] Ang pangalawang titik na Bet ay kumakatawan sa Anak. Ang buong kasulatan ng Bibliya at ang lahat ng nilalang ay nagmula sa titik na Bet.
- **2022 is the year of the voice of the Son.** Ang 2022 ang taon ng tinig ng Anak.

**BODY: Jesus, The Exalted Son is: Si Hesus ang:**

**I. The Eternal Word That Became Flesh [v.14a] Walang Hanggang Salita na naging Laman.**

**A. The Word Is Eternal** Ang Salita ay Walang Hanggan.

- Your understanding of Jesus as the Son of God will be the key to your victory and breakthrough this year. Ang iyong pagkaunawa kay Hesus bilang Anak ng Diyos ang susi sa iyong tagumpay ngayong taon.
- John 1:1 is a beautiful picture of the Son being there in the very beginning, being there in creation. And, it is through the Son that everything is made. It all begins with the Word of God, who is the Son of God, who reveals it to us. Ang John 1:1 ay isang magandang larawan ng Anak na naroon na sa umpisa pa lang ng paglikha sa mundo. At sa pamamagitan Niya, nalikha ang lahat. Ang lahat ay nagsimula sa Salita ng Diyos, na siya ring Anak ng Diyos.

**B. The Word Is Logos** Ang Salita ay 'Logos'.

- The purpose of *'logos'* is to give you meaning and significance, helping you understand right from wrong. *Logos* is Jesus! Ang layunin ng logos ay upang bigyan tayo ng kahulugan at halaga.

**C. The Word Is The One That Creates** Ang Salita ang Siyang Lumikha.

- The Word created all things. John 1:3; Colossians 1:16 Ang Salita ang lumikha ng lahat ng bagay.
- He existed before time, before the creation of the world, so therefore, He is outside of time. This means nothing can disrupt nor limit Jesus. Si Hesus ay nabubuhay na bago pa ang simula ng panahon. Kung kayat siya ay hindi hawak ng panahon. Ibig sabihin, hindi kayang baguhin o limitahan ng oras o panahon si Hesus.

**D. The Word became Flesh** [John 1:14a] Ang Salita ay naging Laman.

- Jesus Christ became the visible expression of the invisible God. Si Hesus ang nakikitang pahayag ng hindi nakikitang Diyos natin.
- The Son did not cease to be God when he became a man. He added humanity but he did not subtract deity. He was fully God and fully man-the God-man. Ang Anak ay hindi tumigil sa pagiging Diyos nang Siya ay naging tao. Idinagdag lang Niya ang pagiging tao ngunit hindi nabawasan ang pagka Diyos Niya.

**II. The Eternal Word That Dwells Among Us.** [v.14b] **Ang Walang Hanggang Salita ay Nananahan Sa Atin.**

- **The word *dwell* literally means "to pitch a tent,"** or to pitch a divinely-appointed meeting place between God and man. Now that Jesus has established this personal meeting place within us, we are able to meet God. Ang salitang 'nananahan' ay nangangahulugang 'magtayo ng tolda' o magtayo ng isang personal na lugar kung saan natin makakatagpo ang Diyos.
- "*Pitching a tent among us*" implies that God wants to be on familiar terms with us. Ang 'magtayo ng tolda sa ating kalagitnaan' ay nangangahulugang nais ng Diyos na makapalagayang loob tayo.

**III. The Eternal Word Is Full of Glory.** [v.14c] **Ang Walang Hanggang Salita ay Puno ng Kaluwalhatian.**

**A. Jesus revealed His glory.** Ipinakita ni Hesus ang kanyang kaluwalhatian.

- **The word glory refers to the visible manifestation of God's presence and power.** It carries with it the idea of weight and importance. Ang salitang kaluwalhatian ay tumutukoy sa nakikitang kapahayagan ng presensiya ng Diyos.
- When you look at Jesus, you see the face of God. God wants to be seen and to be known through his son. Kapag tayo ay tumingin kay Hesus, makikita natin ang mukha ng Diyos. Nais ng Diyos na makita natin Siya at makilala natin Siya sa pamamagitan ng Kanyang Anak.

**B. Jesus invites us to Himself.** Tayo ay inaanyayahan ni Hesus sa Kanya.

- Finally, this verse ends with a powerful word of invitation: He is calling us to come to Him for He is "full of grace and truth." Ang talatang ito ay nagtatapos sa isang matinding salita ng imbitasyon. Tinatawag Niya tayo na lumapit sa Kanya dahil Siya ay puno ng biyaya at katotohanan.
- Grace is an irresistible compulsion to give men more than they deserve which springs spontaneously from the boundless generosity of God. Truth, on the other hand, has roots in a divine determination to be consistent, predictable, and thereby trustworthy in dealing with mankind. Ang biyaya ay isang hindi matanggihang pagnanais na bigyan tayong mga tao ng higit pa sa nararapat sa atin. Ito ay nagmumula sa pagiging bukas palad ng ating Diyos. Ang katotohanan naman, sa kabilang banda, ay nagmumula sa isang determinasyon na maging consistent o hindi nagbabago, at sa gayon ay maging katiwa-tiwala sa kanyang pakikitungo sa sangkatauhan.
- These two words explain why Jesus stepped out, coming to the earth. Because he was full of grace, he died for you and me while we were yet sinners. Because he was full of truth, he was able to pay for our sins completely. Itong dalawang salita na ito ang dahilan kung bakit si Hesus ay bumaba sa lupa. Siya ay puno ng biyaya, namatay para sa ating mga makasalanan. Dahil siya ay puno ng katotohanan, nabayaran Niya ang ating mga kasalanan ng lubusan.
- The one gift the world needs is grace and truth. We find it in Jesus Christ. Ang natatanging handog na kailangan ng mundo ay ang biyaya at katotohanan. Makikita natin ang mga ito kay Hesus.

**Jesus, the Exalted Son, is the Eternal Word and through Him all things come forth!** Si Hesus, ang kataastaasang Anak, ang walang hanggang Salita, ang siyang pinanggalingan ng lahat ng bagay!

Therefore, I declare and decree that ***2022, The Year of the Exalted Son, is the…***
*Kung kayat aking idinideklara na ang 2022 - ang taon ng kataastaasang Anak - ay…*

**A. Year Of Proclaiming And Exalting Jesus With Our Mouths!** Ang Taon ng paghahayag at pagbibigay puri kay Hesus gamit ang ating mga bibig!

- We are to speak about the Son and fill our mouths with His praise! Kailangan nating ipahayag ang tungkol sa Anak at punuin ang ating mga bibig ng Kanyang papuri!

**B. Year Of The House Of God!** Taon ng Sambahayan ng Diyos!

- This year, the voice of Christ will be heard afresh in the house of God. There is a special grace for the Gospel of the Kingdom of God to be proclaimed through His church. Ngayong taon na ito, ang tinig ni Hesus ang siyang madidinig muli sa sambahayan ng Diyos. May espesyal na biyaya na nakalaan sa magpapahayag ng Ebanghelyo ng Kaharian ng Diyos.

**C. Year Of Double Portion!** Taon ng Dobleng Bahagi!

- Isaiah 61:7; When someone receives a double portion, he gets a gift twice as much as given to others. Double portion, double anointing, double blessing! Ang sinumang tumanggap ng dobleng bahagi at tumatanggap ng dalawang regalo. Dobleng bahagi, dobleng kapuspusan, dobleng pagpapala!

**D. Year Of Faith!** Taon ng Pananampalataya!

- 5782/2022 is a"Shmita" or Sabbatical year. This is a year where God will teach you to simply trust Him and follow His commands and as you follow, God Himself will take care of our needs. Ang taong 5782 o 2022 ay tinatawag na Shmita o Sabbatical year. Ito ang taon na kung saan tuturuan tayo ng Diyos na magtiwala sa Kanya at sumunod lamang sa Kanyang mga utos. At dahil dito, ibibigay Niya lahat ng ating pangangailangan.

**CHALLENGE:** In this Year of the Exalted Son, God does not only want to build His house but to also bless His house! Sa taon ng Kataastaasang Anak, hindi lamang nais ng Diyos na itayo ang Kanyang sambahayan kundi nais din Niya na pagpalain tayo.

- Job 22:28, *"You will also decree a thing, and it will be established for you; and light will shine on your ways."* NASB
- My dear brethren, 2022 is all about personal revelation and light being made manifest. So, let's not speak fear and doubt but let us speak of the glory and the power of the Exalted Son. Mga kapatid, ang 2022 ay tungkol sa personal na pahayag at ilaw na masusumpungan natin. Kung kayat huwag maging bukambibig ang takot at pangamba. Ating gawing bukambibig ang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Kataastaasang Anak!

**DISCUSSION:**

- What have you learned about Jesus as the Eternal Word in John 1:14? Share. Ano ang natutunan mo tungkol kay Hesus bilang walang hanggang Salita ayon sa Juan 1:1? Ibahagi.
- What do you expect and what is expected of you this New Year? Share. Ano ang iyong inaasahan at ano naman ang pwedeng asahan sa iyo ngayong bagong taon? Ibahagi.